

# REPOLYO

Ang repolyo ay may mga bitaminang *C, calcium, folate, at potassium*. Ayon sa pag-aaral, ang madalas na pagkain nito ay nakakatulong sa paglaban ng sakit tulad ng kanser at nakapag-papababa ito ng kolesterol.

## LUGAR NA PAGTATANIMAN

Magandang itanim ang repolyo sa lupang mabanlik na maraming organikong sustansiya. Mainam kung ang pH ng lupa ay 5.5-6.8. Iwasang itanim ito sa lupang masyadong maasim. Angkop ang malamig na panahon na may temperaturang 15-20° C sa pagtatanim ng repolyo.

## PAGPILI NG BINHI

Pumili ng binhi na angkop sa lugar na pagtataniman. Maaaring gamitin ang mga binhi rin na may resistensya sa mga sakit at peste.



## PAGPUPUNLA AT PAG LILIPAT TANIM

Ipunla ang mga buto sa seedling tray na may halong vermicompost. Maglagay ng 2 buto bawat butas, ilagay ang mga tray sa lilim na lugar o sa greenhouse.

Diligan ang mga ito 1 beses sa isang araw sa loob ng 3 araw. Bawasan ang dalas ng pagdidilig at painitan ang mga punla 7-10 araw bago ilipat tanim.

Ilipat tanim ang mga punla kapag mayroon na itong 4-5 piraso ng dahon o kapag may taas 3-4 pulgada. Itanim ang mga ito na may pagitang 30cm x 30cm at lalim na 3 pulgada.

## PANGANGALAGA

Lagyan ng 2.5kg na compost kada 5 metro kwadrado ang taniman, 3-5 araw bago maglipat tanim. Muling maglagay ng parehong dami pagkalipas ng 25-30 araw pagkatapos mag lipat tanim.

Pagkatapos ng 30 araw obserbahan ang mga halaman at magdagdag ulit ng parehong dami ng pataba kung kinakailangan. Gawin ang unang pagdadamo 1-2 linggo pagkalipat tanim. Ipagpatuloy ito depende sa dami ng damo.





## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Diamond back moth, cutworm, at thrips ang mga pangunahing peste ng repolyo. Makokontrol ito sa pamamagitan ng pagpulot ng mga uod at paggamit ng spray solution (100g na dinurog na sili sa 16L na tubig na hinaluan ng 1 kutsarang powder detergent). Maaari ding magpatubig sa gabi gamit ang sprinkler upang maputol ang pagtatalik ng diamond back moth. Gumamit ng mga halamang pantaboy sa peste ng repolyo, tulad ng amarillo, sibuyas, at cosmos, at itanim ito sa paligid.



Diamondback moth



cutworm



clubroot

Ang mga sakit naman ng repolyo ay ang pagkabulok, clubroot at batik-batik sa bunga. Maiiwasan ito kung gagamit ng malinis at sertipikadong binhi. Tanggalin ang mga halamang may sakit at sunigin o ibaon sa lupa. Upang maiwasan naman ang pagkakaroon at pagkalat ng clubroot, siguraduhing malinis ang lupang pagtatamnan, gagamiting organikong pataba, at maging ang mga kagamitang gagamitin.

## PAG-AANI

Anihin ang mga repolyo kapag matigas na ang magkakapatong na dahon o ulo nito. Madalas inaabot ito ng 80-95 araw pagkalipat tanim. Putulin sa tangkay ang buong ulo at tanggalin ang ilang matandang dahon. Mas maganda kung mag aani sa malamig at tuyong panahon upang maiwasan ang pagkabulok.

Masaganang ANI Mataas na KITA

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**